DepEd Advisory No. 21, s. 2015
January 2, 2015
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit *www.deped.gov.ph*.)

IKA-43 PAMBANSANG SEMINAR-GAWAING KAPULUNGAN SA FILIPINO NG PAMBANSANG SAMAHAN NG MGA TAGAMASID AT TAGAPAGTAGUYOD SA FILIPINO (PASATAF)

Ang Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod sa Filipino (PASATAF) ay magdaraos ng *Ika-43 Pambansang Seminar-Gawaing Kapulungan sa Filipino* na may temang *Ang Implementasyon at Aplikasyon ng Pagtuturo ng Filipino sa Elementarya, Sekundarya, at Tersarya Salig sa K to 12: Adbokasyon sa Modernong Panahon* mula ika-3 hanggang ika-7 ng Mayo 2015 sa Lungsod ng Baguio.

Ang mga layunin ng Seminar ay:

1. maisapanahon ang mga kaalamang pangwika at mapataas ang kalidad ng Edukasyon alinsunod sa pamantayan ng Programa ng K to 12;
2. maiangkop ang mga kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng wikang Filipino sa kasalukuyang kurikulum; at
3. magamit sa aktwal na pagtuturo ang mga kaalaman at kasanayang natutuhan.

Inaasahang dadalo ay ang mga kapisanang pangwika at edukasyon, mga kinatawan na manggagaling sa iba't ibang rehiyon, pambansang pamunuan at lupon ng mga director ng PASATAF, mga kinatawan ng tanggapang sentral ng DepEd at CHED, panrehiyon at pansangay na mga tagamasid sa Filipino, mga superbisor, punongguro, mga guro sa elementarya, at sekundarya (publiko at pribado) at mga dating kasapi sa PASATAF, mga miyembro ng iba't ibang kapisanang pangwika at edukasyon, mga gurong nagtuturo sa Filipino at mga asignaturang ang wikang panturo ay Filipino, at sinumang may interes sa usaping pangwika, mga iskolar at dalubwika.

Para sa karagdagang kaalaman, maaaring tumawag kay:

Dr. Carmela C. Abdurahman
Pangulo
Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod sa Filipino (PASATAF)
Bldg. 35, Unit 3535 MRB Building, Commonwealth, Quezon City
Mobile Phone Blg.: 0916-424-7024; 0908-137-1502
Email Address: pasataf@gmail.com

Alma/DA pambansang seminar-gawaing kapulungan as Filipino
0048/0143-January 23, 2015/2-28-15